

Magpasuri Na



Layunin ng pagpapasuri para sa COVID

Magpasuri kung masama ang pakiramdam ninyo, o nalantad kayo sa isang taong nagpositibo, kahit na nabakunahan na kayo

Magpasuri kaagad. Dapat simulan ang paggamot sa loob ng 5 araw pagkatapos magkasakit. Ang pagiging edad 50+, at maraming karaniwang kundisyon, ay mga dahilan para maging kwalipikado kayo para sa gamot (tingnan ang kabilang bahagi)

Magpasuri sa ika-5 araw o pagkatapos para makabalik sa trabaho, paaralan, o iba pang lugar na hindi para sa pangangalagang pangkalusugan



Maghanda ng mga pagsusuri. Dapat magbayad ang mga kumpanya ng insurance para sa 8 pagsusuri sa bahay/buwan [covid.gov/tests](https://www.covid.gov/tests)



Maaari din kayong pumunta rito para maghanap ng mga lugar sa pagsusuri o sa [sf.gov/get-tested](https://www.sf.gov/get-tested)

Kung magpopositibo kayo:

Manatili sa bahay at mag-isolate sa ibang tao nang hindi bababa sa 5 araw at

1. Makipag-ugnayan sa inyong doktor para malaman kung kailangan ninyo ng paggamot (tingnan ang kabilang bahagi)
2. Tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ER kung kayo ay:
 - 0 Nahihirapang huminga
 - 0 May pananakit o presyon sa dibdib
 - 0 Nalilito
 - 0 Hindi magising o hindi kayang manatiling gising May maasul na mga labi o mukha

Maaari kayong bumalik sa trabaho pagkalipas ng 5 araw kung gumagaling na kayo o kung hindi kayo kailanman nagkaroon ng mga sintomas AT nagnegatibo kayo sa ika 5 araw o pagkatapos nito

Magsuot ng mask na maayos ang pagkakalapat kung kayo ay nasa paligid ng ibang tao, sa loob at labas, sa loob ng kabuuang 10 araw mula sa simula ng inyong mga sintomas o positibong pagsusuri

Sabihin sa inyong mga close contact na maaaring nalantad sila sa COVID-19

Kung magnenegatibo kayo:

Maaaring hindi matukoy ng mga rapid test ang maagang impeksyon. Kung may mga sintomas kayo o kayo ay close contact, magpasuri muli sa loob ng 1-2 araw, o kumuha ng PCR test, na mas mahusay sa pagtukoy sa Covid. Ang isang disbentaha ng mga PCR test ay maaaring abutin nang 1-2 araw ang mga resulta

Kung masama ang pakiramdam ninyo o nalantad kayo, magsuot ng mask na maayos ang pagkakalapat sa paligid ng ibang tao, sa loob at labas, sa loob ng kabuuang 10 araw mula sa simula ng inyong sakit o pagkalantad sa close contact

Kung magsisimula kayong makaramdam ng mga bagong sintomas, magpasuri muli sa lalong madaling panahon, lumayo sa ibang tao, at makipag-ugnayan sa inyong provider ng pangunahing pangangalaga

Kung masama ang pakiramdam ninyo, nagnegatibo kayo sa Covid, at hindi kayo nagkaroon ng close contact sa isang taong may COVID-19, maaari kayong bumalik sa trabaho kapag bumuti na ang pakiramdam ninyo

Humingi ng tulong:

Tawagan ang COVID Information Warmline sa **628-652-2700** para sa:

- Impormasyon sa pagbabakuna at pagsusuri
- Tulong sa pagkonekta sa posibleng paggamot



Magpagamot kung Positibo Kayo



May COVID ba kayo?

Libre ang gamot, na may libreng paghahatid sa inyong bahay ng maraming paramasya.

Marami sa atin ang kwalipikado para sa paggamot:

- Hindi nabakunahan o walang booster (kung kwalipikado)
- Mga edad 50 o mas matanda
- Mga edad 12 at mas matanda na may mga karaniwang medikal na kundisyon (hal. cancer, diabetes, mga kundisyon sa puso, bato, o kalusugan ng pag-iisip, sobrang timbang, hindi aktibo, o may mga problema sa paggamit ng alak o droga o problema sa immune system). Pumunta rito para sa kumpletong listahan:



Makipag-usap sa isang doktor

- Kung magpopositibo kayo, makipag-usap sa isang doktor sa lalong madaling panahon. Dapat simulan ang mga gamot sa loob ng 5 araw pagkatapos magkasakit.
- Maaaring mag-alok ang inyong insurance ng mga pagbisita online o sa pamamagitan ng telepono sa inyong doktor 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Tingnan ang inyong insurance card.
- Ang mga pasyenteng may **Medi-Cal** ay may mga libreng pagbisita sa telepono sa isang doktor 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
- **San Francisco Health Plan** (maliban sa Kaiser) 800-835-2362
- **Anthem Blue Cross** tumawag sa 1-888-548-3432

Iba pang karaniwang provider:

- **San Francisco Health Network** 415-682-1740
- **Kaiser** 866-454-8855
- **Anthem Blue Cross** 888-548-3432
- **UCSF** 415-514-7328
- **Sutter Health / CPMC** 800-972-5547
- **Dignity Health** 415-964-4866

Hindi kailangan ng insurance

San Francisco Health Network

Para sa paggamot para sa Covid at para sa tulong sa pag-enroll sa Healthy San Francisco o Medi-Cal
415-682-1740

Mga libreng pagbisita sa doktor sa pamamagitan ng telepono o online ng SesameCare

Kung kayo ay walang insurance, kulang sa insurance, o kung hindi kayo makakapagpatingin sa loob ng 24 na oras
833-686-5051



sesamecare.com/covidca

Libreng Test to Treat nang Drop in o may Appointment



Para sa buong listahan ng mga libreng opsyon sa "Test to Treat," pakitingnan ang aming website:
sf.gov/get-treated-covid-19



City & County of San Francisco
Department of Public Health